



Huwag matakot na magkamali!

Sa isyung ito ng Mimitaro, kinapanayam si Mizuna Ando (Omihachiman City) na nagtatrabaho sa hotel.



Dumating ako sa Japan may 8 taon na ang nakalilipas, noong 17 taong gulang ako at nagtapos ako ng high school sa Pilipinas. Sobrang saya ko na makakasama ko na rin

ang aking nanay dahil hanggang sa panahong iyon, pinalaki kami ng kapatid kong babae ng lola namin.

Pagkadating ko sa Japan, pumasok ako sa klase para sa pag-aaral na pinatatakbo noon, ang "*Niji kyōshitsu*" para sa mga dayuhang mag-aaral. Dahil sa sistema ng paaralan sa Japan, nasa edad ng estudyante sa senior high school pa ako, nag-aral ako ng wikang Hapon, at masikap na nag-aral para sa pagsusulit sa senior high school. Naaalala ko ang paulit-ulit na pagpapraktis para magawa ko nang maayos ang pagsagot sa interbyu, pagsara ng pinto, pag-upo at iba pa para sa pagkuha ng pagsusulit. Sa pinasukan kong Seiryō Senior High School, maraming dayuhang mag-aaral at may asignatura ng wikang Hapon. Mabuting alaala ang ilang daang beses na pagpapapraktis sa akin ng titser dahil hindi ko mabigkas nang mabuti ang "*hyaku-en*" (isang daang yen). Malungkot ako dahil sa mga kaibigan ko sa eskuwela, simpleng usapan lang ang kaya ko, pero noong sumali ako sa badminton club, nagkaroon ako ng mga kaibigan at naging masayang-masaya ang aking buhay bilang estudyante. Dahil tinutuwid ng aking mga kaibigan ang salitang Hapon ko, nagsikap din akong kausapin sila at unti-unting naging mahusay ang aking pagsasalita. Dahil sistema ng pagkuha ng mga unit sa Seiryō Senior High School, nagamit ang mga unit ng napag-aralan ko sa Pilipinas, nakapagtapos ako nang 2 taon at pagkatapos noon, tumuloy ako sa Kyoto Junior College of Foreign Languages kung saan nag-aral ako ng Ingles, Portuguese at Kastila. Pagkatapos ng 1 taong panahon ng part-time sa hotel dito sa Shiga, nakakuha ako ng regular na trabaho, at ngayon nagagamit ang aking kasanayan sa wika sa pinaghahawakan kong trabaho sa resepsyon.

Mabuti at nakapasok ako sa trabahong nababagay sa akin dahil gusto ko ang pakikipag-

komunikasyon sa ibang tao. Dahil katamtaman ang laki ng hotel na pinagtatrabahuhan ko, hindi lang ang resepsyon, nagagawa ko rin ang anumang trabaho, at interesting dahil nauunawaan ko ang kabuuan ng hotel. Minsan nga nagsisilbi ako bilang drayber ng shuttle bus. Dahil trabaho itong nakaharap sa kostumer, mahalaga ang pananalita, mabuting asal, at pagiging matulungin, at napapakinabangan ko ang masinsinang mga pagsasanay na pinagdaanan ko sa klase ng wikang Hapon, sa senior high school at iba pa. Kapag nalaman ng kostumer na dayuhan ako, may nagugulat at pumupuri sa akin, pero *keigo* (magalang na pananalita) pa rin ang naging mahirap para sa akin. Dahil mayroon pa akong punto sa pagsasalita ng wikang Hapon, nasasabihan akong makipagpalit sa Hapones sa telepono. Pero isang karanasan din ito, at sa tingin ko, nutrisyon para sa sarili ang pagkakamali. Mananamlay man nang kaunti, pero sigurado namang sa susunod na araw babalik at babawi rin.

Isa pang mahirap sa pinagtatrabahuhan ko ang ugnayang pantao, pero mayroon naman nito kahit saan. Wala akong lahing Hapones, pero sa Pilipinas nahirapan ako sa pang-aapi dahil mukha raw akong Hapones. Sa kasamaang-palad, may mga tao talagang nang-iinis kahit saan sa kahit saang bansa kaya kapag nakatagpo ng ganoong tao, iniisip kong ganoon pala ang taong iyon at pinapabayaan ko na lang. Hindi naman masama ang lahat ng naranasan ko sa paglampas sa kahirapan ng pagkawalay sa magulang noong maliit ako, marahil naging malakas ako dahil doon.

Bukod dito, hindi naman ako mahilig mag-aral, pero labis akong nagsikap pagdating ko sa Japan, at sa tingin ko, ganito ako ngayon dahil dito. Kung iisipin ko ang kalagayan sa sarili kong bansa kung saan maraming bata ang mahirap at hindi makapasok sa eskuwela, masuwerte ako na nakapag-aral ako sa eskuwela sa Japan. Kaya sa lahat ng mga *kōhai* (nakababata o mas huling dumating, mag-aral o magtrabaho), huwag kayong sumuko sa pag-aaral dahil mahirap matuto ng wikang Hapon, kundi maiugnay sana ninyo ang mahalagang pagkakataong ito sa inyong mga pangarap.



Tungkol sa libreng early childhood education at childcare



Gagawin nang libre ang early childhood education at childcare simula Oktubre 2019. Ang saklaw at kondisyon ng libreng serbisyo ay nakadepende sa childcare facility, kaya mangyaring personal na sumangguni sa childcare facility o munisipyo.

- ◇ **Para sa kindergarten (yochien) , nursery(hoikuen), sertipikadong early childhood education center(nintei kodomoen), atbp.:** Libre para sa mga batang tatlo hanggang limang taong gulang at libre para sa mga 0 hanggang dalawang taong gulang na batang nabibilang sa residence tax-exempted na pamilya.
- ◇ **Para sa extended-hours childcare:** Kinakailangan na kumuha ng “Sertipikasyon ng Pangangailangan para sa Childcare” mula sa tinitirhang munisipalidad. Maliban sa kindergarten, gagawin ding libre and extended-hours childcare sa maximum na 11,300 yen kada buwan depende sa bilang ng araw ng paggamit sa naturang serbisyo.
- ◇ **Para sa di-awtorisadong childcare:** Kinakailangan na kumuha ng “Sertipikasyon ng Pangangailangan para sa Childcare” mula sa tinitirhang munisipalidad. Libre sa maximum na 37,000 yen kada buwan para sa mga batang tatlo hanggang limang taong gulang at libre sa maximum na 42,000 yen kada buwan para sa mga 0 hanggang dalawang taong gulang na batang nabibilang sa residence tax-exempted na pamilya.
- ◇ **Development support para sa mga preschooler na may kapansanan:** Libre para sa mga batang tatlo hanggang limang taong gulang na tumatanggap ng development support para sa mga preschooler na may kapansanan.

.....


Tungkol sa bank account at remittance ng mga dayuhan



- ◇ Ang mga dayuhang hindi residente at namamalagi lamang sa maikling panahon tulad ng mga taong may tourist visa ay hindi maaaring magbukas ng bank account sa Japan.
- ◇ Upang makapagbukas ng bank account, kailangan ng mga opisyal na dokumentong nagpapatunay ng katauhan (ID) tulad ng residence card o individual number card (My Number card) at iba pa, dokumentong nagpapakita ng kasalukuyang address at selyo.
- ◇ Kapag magpapadala ng pera sa sariling bansa, maaring magpadala sa pamamagitan ng remittance service sa bangko o fund transfer service provider.
*Iligal ang mga di-rehistradong remittance service provider, kaya’t huwag magpadala sa mga provider na ito.
*Kailangan ang individual number (My Number) kapag magpapadala ng pera sa ibang bansa.
- ◇ Kailangang ipagbigay-alam at iproseso sa institusyong pangpinansyal kapag nagbago ang address, bisa o katayuan ng paninirahan, kapag tumigil sa pagtatrabaho o pag-aaral, o kapag nawala ang passbook o cash card.
- ◇ Mangyaring isara ang bank account kapag babalik na sa sariling bansa at hindi na ito magagamit pa.

.....

Tungkol sa 10% na pagtaas ng consumption tax (mula Oktubre)



- ◇ Ang consumption tax ng pagkain at inumin (maliban sa pagkain sa restaurant at alak) at subscription sa pahayagan ay mananatili sa 8%.
- ◇ Upang mapagaan ang pasanin ng mga pamilya, ang mga munisipyo ay magbibigay o magbebenta ng mga “Premium Gift Certificate” na may 25% na diskwento para sa mga piling pamilya (pamilyang tax-exempted o may maliit na bata). (Ito ay magagamit hanggang anim na buwan matapos ipatupad ang pagtaas ng buwis.)

“Magbigay ng opinyon tungkol sa panggabing Junior High School”

Ano ang panggabing junior high school?

Ito ay isang paaralan na magbibigay ng oportunidad para makakuha ng edukasyong kompulsoryo ang mga taong hindi nakapasok sa junior high school dahil sa kaguluhan matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, mga taong nagtapos sa junior high school ngunit hindi lubos ang nakuhang edukasyon dahil sa mga personal na sirkumstanya gaya ng pagliban sa klase, at mga dayuhang gustong matuto ng kaalaman at kasanayan.

Ano ang mayroon sa panggabing junior high school?


Kahit sino ay maaaring maging isang mag-aaral anuman ang edad at nasyonalidad. Libre ang matrikula.

Ang klase ay gaganapin limang araw sa isang linggo, tuwing gabi.

Parehong mga asignatura ang pag-aaralan tulad ng sa pang-araw na junior high school.

Mga lisensyadong guro na nagtuturo sa pampublikong junior high school ang magtuturo.

Magtatapos ka mula sa junior high school matapos makumpleto ang lahat ng mga kurso.




Ang Shiga Prefectural Board of Education ay nagsasagawa ng isang pagsisiyasat upang matukoy kung gaano kinakailangan ang pagbibigay ng pagkakataon sa pagbabalik-eskwela, tulad ng panggabing junior high school. Kung nais mong muling mag-aral sa panggabing junior high school, o kung nais mong ipaalam ito sa iyong pamilya at mga kakilala, mangyaring sagutin ang talatanungan at iparining ang iyong tinig.

Ano ang kailangang gawin upang masagot ang talatanungan?

1. Sulatan ang talatanungan na matatagpuan sa information desk ng munisipyo, lokal na board of education, lokal international exchange association, atbp.
2. Ihulog sa collection box na nasa information desk sa no. 1 o ipadala sa Shiga Prefectural Board of Education sa pamamagitan ng Fax.
3. Maaari ka ring sumagot sa Shiga Online Reception Service.
(Shiga Prefecture Homepage: <http://www.pref.shiga.lg.jp>)
4. Maaari ka ring sumagot sa pamamagitan ng telepono direkta sa Shiga Prefectural Board of Education.
5. Makipag-ugnay sa Shiga Foreign Residents Information Center (Tel: 077-523-5646, Email: mimitaro@s-i-a.or.jp) kung kailangan mo ng tulong sa ibang lengguwahe.

※Ang talatanungan at collection box ay nasa information desk hanggang sa katapusan ng Disyembre 2019.

Makipag-ugnay sa:
Ehekutibo ng Shiga Prefectural Board of Education
Seksyon ng Kindergarten, Elementary at Junior High School Education
Taga-sanay ng Kurikulum
Tel 077-528-4665 Fax 077-528-4953



Event Information

◆ Nagahama Kimono Festival

Oktubre 12 (Sabado)

10:00 am - 3:30 pm

Kabayanan ng Nagahama

3-24 Kitafuna-chō, Nagahama-shi

Numero unong kimono event ito sa Japan kung saan nagtitipon ang mga 1,000 babaeng nakasuot ng kimono sa buong kabayanan ng Nagahama

☐ Steering Committee ng Nagahama Kimono Festival

TEL 0749-65-6521



◆ Pamamasyal sa Ōjōya Suwa-ke Yashiki (Residence ng Suwa clan na pinuno ng ilang nayon noon)

Nobyembre 3 (Linggo) 10:00 am - 2:00 pm

171 Akanoi-chō, Moriyama-shi

Lumang gusaling may mahabang kasaysayan bilang tahanan ng pinuno ng nayon mula pa sa panahong Edo Itinalagang ari-ariang pangkultura ng lungsod at Japan Heritage

☐ Korporasyon para sa Pagsulong ng Kultura at Pisikal na Edukasyon sa Lungsod ng Moriyama

TEL 077-516-8160



◆ Aishō 66 Kamado Festival

Oktubre 27 (Linggo) 9:30 am - 4:00 pm

Abiko, Aishō-chō, Echi-gun (Rapport Hatashō) Magtitinda ng mga produktong specialty ng Aishō-chō, may pagpapakilala at pagsubok ng mga gawain ng mga samahan, stage event, flea market, atbp.

☐ Aishō 66 Kamado Festival Secretariat

TEL 0749-37-3951

Mga Lugar na Tanyag para sa Makukulay na Dahon ng Taglagas

★ Paglilibot sa Konan Sanzan na Pambansang Yaman

Nobyembre 16 (Sabado) - Disyembre 1 (Linggo) 9:00 am - 4:00 pm

6-4 Nishidera, Konan-shi

☐ Konan City Tourism Association TEL 0748-71-2157

★ Dahon ng taglagas at Tanawin sa gabi

776-3 Yamanaka-chō, Ōtsu-shi

Nobyembre 2 (Sabado) - 24 (Linggo)

Mula paglubog ng araw hanggang 9:00 pm

Masisiyahan sa inilawang dahon ng taglagas at tanawin sa gabi ng Biwako (Lake Biwa)!

☐ Hieizan Driveway TEL 077-529-2216

★ Festival ng Dahon ng Taglagas sa Hanay ng mga puno ng Metasequoia

Gitnang bahagi ng Nobyembre - unang bahagi ng Disyembre Terakubo, Makino-chō, Takashima-shi

☐ Biwako Takashima Tourist Association TEL 0740-33-7101

★ Koto Sanzan Dahon ng Taglagas sa Saimyō-ji

Gitna hanggang huling bahagi ng Nobyembre

26 Ōaza-ikadera, Kōra-chō, Inukami-gun

☐ Kōra Town Tourist Association TEL 0749-38-2035

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay ilalathala sa Enero

Joya no Kane (Disyembre 31)

(Pagtunog ng kampana sa bisperas ng Bagong Taon)

◆ Kampana ng Hikone Castle 11:00 pm - 00:00 am

(1-1 Konki-chō, Hikone-shi)

☐ Hikone Castle Management Office

TEL 0749-22-2742

◆ Hieizan Enryaku-ji (templo) 11:40 pm

(4220 Sakamoto Honmachi, Ōtsu-shi)

☐ Hieizan Enryaku-ji

TEL 077-578-0001

◆ Toyomitsu Jinja (shrine)

(392 Toyomitsu, Aishō-chō, Echi-gun)

☐ Toyomitsu Jinja

TEL 0749-42-3448



Maligayang Bagong Taon ng 2020!

Pagdiriwang ng Bagong Taon (Enero 1)



☐ Taga Taisha (shrine) mula hatinggabi 0:00 am

(604 Taga, Taga-chō, Inukami-gun)

☐ Taga Taisha

TEL 0749-48-1101

☐ Toyomitsu Jinja (shrine) mula mga 10:00 am

(392 Toyomitsu, Aishō-chō, Echi-gun)

☐ Toyomitsu Jinja

TEL 0749-42-3448

☐ Namura Jinja (shrine) 0:00 am - 5:00 pm

(467 Ayado, Ryūō-chō, Kamō-gun)

☐ Namura Jinja

TEL 0748-57-0160

Kurokabe Square Building 13

Kurokabe trial lesson

11-21 Motohama-chō, Nagahama-shi

10:00 am - 6:00 pm (hanggang 5:00 pm mula

Nobyembre hanggang Marso)

Lumikha ng glass artwork na tanging inyo lamang

- Blown glass trial lesson 3,700 yen + buwis
- Stained glass trial lesson 3,500 yen + buwis
- Glass bead trial lesson 3,000 yen + buwis

☐ Kurokabe TEL: 0749-65-2330



Balita mula sa SIA

☐ Shiga Intercultural Association for Globalization

<http://www.s-i-a.or.jp/events/424>

▼ “Fair ukol sa Tutuluyang Landas” para sa mga batang mag-aaral na mula sa lahing dayuhan

Para sa: Mga batang mag-aaral (ika-5 baitang ng elementary hanggang senior high school) na mula sa lahing dayuhan, kanilang magulang, tagapag-alaga at iba pa

Araw at Oras: Oktubre 20 (Linggo) 1:00 - 4:00 pm

Lugar: G-NET Shiga (80-4 Takakai-chō, Ōmihachiman-shi)

▼ Exhibit ng Dayuhang Artist sa Piazza Oumi

Exhibitor: Joan Lee

Araw at Oras: Nobiyembre 1 (Biernes) - 15 (Biernes)

Lugar: 1F Piazza Oumi

(1-1-20 Nionohama, Ōtsu-shi)